

# Paghahanda para sa Emergency

## Gabay sa Pagpaplano



Sa SMUD, lagi kaming naghahanda para siguraduhing mayroon kayong ligtas at maasahang kuryente sa inyong mga bahay o negosyo.

Paminsan ang mga bagyong tag-lamig o iba pang sakuna ay maaring magdulot ng pagkawala ng kuryente. Sa ganitong mga panahon, magdamag na nagtrabaho ang aming mga tauhan para mabilis na maibalik ang inyong kuryente. Subalit, mayroong mga pagkakataon na maaring malaki ang sira at matatagalan bago maibalik ang kuryente.

Gamitin ang gabay na ito para tumulong maghanda sa brownout. Puwede din gamitin ito para sa iba pa ring emergencies.

Ang pangunahing prayoridad namin ay ang kaligtasan ng aming mga empleado at komunidad.

## Gumawa ng plano para sa emergency



Makipagpulong sa inyong sambahayan para pag-usapan ang gagawin sa ibang emergency tulad ng sunog, baha, lindol at masamang panahon. Pag-usapan kung ano ang inyong gagawin sa bawat pangyayari.




Maghanap ng ligtas na lugar sa loob at sa labas ng inyong bahay kung saan dapat pumunta ang mga miyembro ng pamilya sa bawat uri ng emergency. Pag-usapan ang mga ruto ng paglikas at lugar kung saan magkikita.



Pag-usapan ninyo kung ano ang gagawin tuwing may brownout at siguruhin na alam ng lahat kung saan mahanhanap ang mga flashlight at iba pang mga emergency supplies.



Kung ikaw o isang kapamilya mo ay umaasa sa kuryente para paganahin ang medikal na kagamitan, alamin ang lugar kung saan mayroong emergency power.



Ipakita sa inyong kapamilya kung paano i-off ang kuryente, tubig at gas kung kailangan. Siguraduhin na malapit lahat ng tamang kagamitan.



Turuan ang iyong mga anak kung paano at kailan tatawag ng 911.



Kilalanin kung sino ang taong kokontakin na malapit sa inyo at isang taong nakatira sa labas ng estado o malayo sa inyo na matatawagan ng inyong kapamilya kung sakaling magkahiwalay kayo o hindi niyo makontak ang isa't isa. Ilagay ang mga kontak number ng mga taong ito sa cell phone ng inyong pamilya.




Siguruhing may listahan ka ng mga kennel o mga kaibigang maaaring mag-alaga sa inyong mga hayop.



Ilagay ang mahalagang dokumento ng inyong pamilya sa portable na lalagyan na hindi nababasa at hindi nasusunog.



Alamin ang plano para sa emergency ng paaralan ng inyong anak at mga pamamaraan sa paglikas/shelter-in-place.



Alamin ang mga ruta sa paglikas mula sa inyong tahanan at ang mga opsyon para sa transportasyon. Panatilihin mayroong kahit kalahating tangke ng gasolina ang inyong mga sasakyan kung sakaling kailangan lumikas.



Kung sakaling kailangan mong lumikas siguruhing, dalhin mo ang inyong emergency supply kit.

# Checklist para sa Emergency







Ito ang checklist para tulungan kang i-assemble ang iyong kit:

- Flashlight
- Gumagana sa baterya/Gumagana sa solar na radyo, TV o de-susing orasan
- Mga ekstrang baterya/portable na cell phone charger at cable
- Mga N95 respirator mask
- Tubig – Ilagay sa sa selyado at hindi nababasag na mga lalagyan. 1 gallon kada tao, kada araw.
- Pagkain hindi mabilis masira tulad ng mga de-latang karne, prutas, mga gulay, juice, peanut butter, mga cracker, mga tuyong prutas at nut.
- Mano-manong abre lata
- Mga kumot at sleeping bag
- First aid kit at mga iniresetang gamot
- Ekstrang damit, sapatos at kasuotan kapag ulan
- Ekstrang pares ng salamin sa mata
- Credit card at cash
- Mahahalagang numero ng telepono (pamilya, mga doktor, kapit-bahay at mga utility)
- Pito o iba pang gumagawa ng ingay
- Mga item para sa pangangalaga sa sarili
- Mga item para sa sanggol o iba pang espesyal na pangangailangan
- Mga supply para sa alagang hayop
- Mga bag para sa basura na mayroong tali
- Mga guwantes para sa paggawa, mga goggle na pangkaligtasan at mga pangunahing kagamitan

## Mahahalagang numero ng SMUD

Mag-report pagkawala ng kuryente ..... 1-888-456-SMUD (7683)  
SMUD Customer Service  
Mga residential na customer..... 1-888-742-SMUD (7683)  
Mga customer ng negosyo ..... 1-877-622-SMUD (7683)  
TTY (bingi at mahina ang pandinig) ..... 916-732-6630  
pagkatapos ng mga oras ng trabaho 916-732-5596

Higit pang impormasyon at mga update

-  [smud.org/Safety](https://smud.org/Safety)
-  Mag-e-mail sa amin sa [customerservices@smud.org](mailto:customerservices@smud.org)
-  [facebook.com/mysmud](https://facebook.com/mysmud)
-  [twitter.com/smudupdates](https://twitter.com/smudupdates)

## Mga Mapagkukunan

**Brownout ng SMUD**  
[smud.org/Outages](https://smud.org/Outages)

**Handa ang America mula sa Kagawaran ng Seguridad ng Sariling Bayan**  
[ready.gov](https://ready.gov)

**Red Cross ng America**  
[redcross.org](https://redcross.org)

**Pederal na Ahensiya sa Pamamahala ng Emergency**  
[fema.gov](https://fema.gov)

**Tanggapan ng Mga Serbisyo sa Emergency ng Gobernador ng California**  
[caloes.ca.gov](https://caloes.ca.gov)

**Service-Sacramento - Pambansang Serbisyo para sa Lagay ng Panahon-Sacramento**  
[weather.gov/sto](https://weather.gov/sto)

**Pamamahala ng Emergency sa Sacramento County**  
[saccounty.net/government/pages/EmergencyPreparedness.aspx](https://saccounty.net/government/pages/EmergencyPreparedness.aspx)

**2-1-1 Sacramento**  
[211sacramento.org](https://211sacramento.org)